



WIKA ANG SANDATA

ni: **GLADYS AMOR M. EMAN**

Wika ang sandata, sa digmaang di kita,
Sa larangan ng isip at damdamin,
Mga salitang naglalakbay, bumabasag ng tanikala,
Nagpapalaya sa isip, nagwawasto ng mali.

Sa bawat taludtod at tugma,
Wika'y nagiging sandigan,
Sa harap ng hamon at pagsubok,
Sandata ng katotohanan, katarungan.

Sa mga pahayagan at aklat,
Sa mga tula't sanaysay,
Wika ang tagapagdala ng mensahe,
Naglilinaw ng isipan, nagbubukas ng mata.

Sa mga talumpati ng bayani,
Sa mga aral ng kasaysayan,
Wika ang nagpapasigla sa diwa,
Sandatang tagapagpalaya, tagapagtanggol.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue I

August 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Sa digmaan ng ideya,
Wika'y sandatang matalim,
Nagbubuo ng pagkakaisa, nagwawasak ng pagkakaalitan,
Sa wika, ang bayan ay nagiging matatag.

Sa harap ng pang-aapi,
Wika'y sandatang malakas,
Sa bawat pag-usal, bawat pagbigkas,
Kalayaan at karapatan, ating tinatamasa.

Wika ang sandata, sa bawat laban,
Sa larangan ng edukasyon at kaalaman,
Sa bawat salitang binibigkas,
Sandata ng isip, sandata ng puso.

Sa panahon ng pagbabago,
Wika'y sandatang di matitinag,
Sa bawat henerasyon, ito'y mananatili,
Wikang Pilipino, sandata ng bayan, magpakailanman.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
